COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-19 ng Hulyo, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

I-TSEK ANG REHISTRASYON NG BOTANTE NGAYON PARA MAKATANGGAP NG BALOTANG PANGKOREO SA SUSUNOD

Ang Gubernatoryal na Recall na Eleksyon sa California ay paparating na, at ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay inihahanda ang mga balota sa eleksyon para sa pagpapakoreo. Hinihikayat ang mga botante na i-tsek ang kanilang rehistrasyon ng botante ngayon para makatanggap ng isang balotang pangkoreo sa kanilang adres sa susunod.

Ang mga balotang pangkoreo ay sisimulang ipadala sa linggo ng Ika-16 ng Agosto. Kung ang inyong impormasyon ay up to date, maaari ninyong asahang matanggap ang inyong balota sa inyong mailbox sa parehong linggo na iyon.

Kayo ba ay lumipat mula noong huli kayong bumoto? Kung bago kayo sa County ng San Diego o lumipat lamang sa ibang kalye, kailangan ninyong muling-magparehistro para makaboto gamit ang inyong bagong impormasyon. Maaari ninyong gawin ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang bagong aplikasyon para sa rehistrasyon ng botante online sa sdvote.com. Ang mga porma ng rehistrasyon ay available rin kung tumawag kayo sa (858) 565-5800 o mag-email sa rovmail@sdcounty.ca.gov.

Ang mga balotang pangkoreo ay binibigyan ang mga botante ng opsyon na bumoto mula sa kanilang mga tirahan nang kumportable. Maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang balota sa koreo, hindi na kailangan ng postage, o sa isa sa maraming mga lokasyon ng mail ballot drop-off sa buong county.

Ang mga In-person na lokasyon ng pagboto ay magbubukas sa buong county ng apat na araw, Sabado, Ika-11 ng Setyembre - Martes, Ika-14 ng Setyembre. Samantalahin ang maagang pagboto:

- Sa opisina ng Tagapagrehistro simula Ika-16 ng Agosto, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.
- Sa isang lokasyon ng pagboto na malapit sa inyo o sa opisina ng Tagapagrehistro sa Sabado, Ika-11 ng Setyembre hanggang Lunes, Ika-13 ng Setyembre, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Ang lahat ay magbubukas muli sa Araw ng Eleksyon, Ika-14 ng Setyembre, kung kailan magbabago ang mga oras mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Bakit tayo mayroong isang recall na eleksyon? Ang recall na proseso ay pinapayagan ang mga botante na magdesisyon kung tatanggalin ang mga ibinotong pampublikong opisyal mula sa katungkulan bago matapos ang kanilang termino.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-19 ng Hulyo, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang mga botante ay makakakita ng dalawang bahagi sa kanilang recall na balota. Sa unang bahagi, ang mga botante ay mayroong opsyon na bumoto ng “oo” o “hindi” sa tanong kung tatanggalin ang Gubernador mula sa katungkulan.

Sa ikalawang bahagi, ang mga botante ay mayroong oportunidad na pumili ng isang kapalit na kandidato. Kung mas mahigit sa 50% ng mga botante ang bumoto para i-recall ang Gubernador, kung gayon ang kapalit na kandidatong nakakuha ng pinakamaraming boto ang naiboto.

Unang-beses na botante? Maaari kayong magparehistro para makaboto sa loob ng mas mababa sa dalawang minuto.

Dagdagan ang kaalaman tungkol sa pagboto sa gubernatoryal na recall na eleksyon sa sdvote.com.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 Pacific Highway, Room 208 · San Diego, Ca 92101-2472